# COUNTY NG SACRAMENTO

# PAGPAPAREHISTRO NG BOTANTE AT MGA ELEKSYON

# PLANONG ADMINISTRASYON SA ELEKSYON

# UPDATE SA COVID-19

**County ng Sacramento**

**Rehistrasyon ng Botante at mga Eleksyon**

**7000 65th Street, Suite A**

**Sacramento, CA 95823**

**(800) 762-8019**

**voterinfo@saccounty.net**

**www.elections.saccounty.net**

**Talaan ng Nilalaman**


I. MGA SENTRO NG PAGBOTO .................... 4

A. Magagamit na mga Serbisyo .................... 4

B. PPE na Inisyu sa bawat Sentro ng Pagboto para sa mga Opisyal ng Eleksyon, mga botante, at mga nagmamasid. .................... 5

C. Layout & Kaayusan: .................... 6

D. Palatandaan .................... 8

E. Pagbago sa Lokasyon/Pamamaraan ng Pagsara. .................... 8

F. Sentro ng Pagboto/Ballot Returns. .................... 8

II. MGA OPISYAL NG ELEKSYON (MGA MANGGAGAWA SA POLL) .................... 9

A. Pangangalap. .................... 9

B. Pagsasanay. .................... 9

C. Mga Direktor sa Trapik. .................... 9

D. Mahirap na mga Sitwasyon. .................... 10

II. BALLOT DROP BOXES & KOLEKSYON SA BALOTA .................... 10

III. OPISINA NG PAGPAPAREHISTRO SA PAGBOTO & MGA ELEKSYON .................... 11

A. Pangkalahatang Kaayusan sa Opisina & Planong Pagdis-inpekta. .................... 11

B. Pagproseso ng Balota. .................... 12

C. Mga Nagmamasid/Midya. .................... 12

IV. PAG-ABOT & PAGMENSAHE .................... 13

A. Pagboto sa pamamagitan ng Koreo: Kasama ng lahat ng Boto sa pamamagitan ng pakete sa Koreo ang: .................... 13

B. Maaacess na Boto sa pamamagitan ng Koreo o Accessible Vote by Mail (AVBM). .................... 13

C. Mga Pamamalakad sa Sentro ng Pagboto .................... 13

D. Mga Pagsisikap sa Pag-abot .................... 14

E. Toolkit & mga Pinagkukunan: .................... 15

Nakalakip A – Halimbawa ng Karatula ng CVIG .................... 15

Nakalakip B – Halimbawa ng Layout ng Sentro ng Pagboto .................... 17

Nakalakip C – Mga Pamamalakad sa Pagdis-inpekta sa Sentro ng Pagboto .................... 18

Nakalakip D – Mga Halimbawa ng Lagda ng Sentro ng Pagboto (HINDI PANGWAKAS) .................... 19

Nakalakip E – Layout ng Pagsasanay ng Opisyal ng Eleksyon .................... 20

Nakalakip F – Halimbawa ng Pagsasanay ng COVID .................... 21

Nakalakip G – Mga Tips sa De-eskalasyon .................... 22

Nakalakip H – Plano ng Pagdis-inpekta ng VRE .................... 23

Nakalakip I – Layout ng Pagproseso ng Balota .................... 24

**Introduksyon:**

Mahalaga na walang botante ang kailangang pumili sa pagitan ng kanilang kalusugan at kaligtasan sa pakikilahok sa Nobyembre 3, 2020 na Pangkalahatang Presidensyal na Eleksyon. Habang patuloy na tumataas ang mga kaso ng coronavirus sa buong bansa, ang County ng Sacramento ay aktibong naghahanda para sa isang pinagsama at ligtas na eleksyon.

Kinakailangan ng Sacramento County Voter Registration & Elections (VRE) ng libu-libong mga nagsisikap sa pamayanan na mga indibidwal na tumulong sa pamamahala sa eleksyon. Ang kabuuang layunin ng County ng Sacramento ay magsagawa ng isang eleksyon sa ilalim ng orihinal na Voter's Choice Act, na nagbibigay ng kaparehong halaga sa mga Sentro ng Pagboto ng 11 na araw at 4 na araw na naisagawa natin noong Pangunahing Eleksyon ng Presidente noong Marso. Subalit, ang ating huling bilang ng mga lokasyon ay magdedepende sa magagamit na pasilidad at pagkakaroon ng Opisyal ng Eleksyon.

Nagplaplano ang County ng Sacramento na maisagawa itong eleksyon alinsunod sa Gabay ng Administrasyon ng Eleksyon ng Sekretarya ng Estado sa ilalim ng COVID-19.

Ang aming layunin ay siguraduhin na ang aming mga botante at mga manggagawa sa poll ay mananatiling ligtas at malusog habang magbibigay ng mahalagang serbisyo sa aming komunidad. Ang planong ito ay nagbibigay ng katiyakan kung paano namin paplanuhin upang maabot ang aming layunin sa mga Sentro ng Pagboto, Pagsasanay ng Opisyal ng Eleksyon (Manggagawa sa Poll), Ballot Drop Boxes, Pagproseso sa Balota, Mga Nagmamasid/Midya, at Pag-abot/Pagmensahe.

## I. MGA SENTRO NG PAGBOTO

### A. Magagamit na Serbisyo

- ***Pagboto nang personal o "to-go" na Balota.*** Mananatiling pareho ang mga serbisyo sa bawat Sentro ng Pagboto. Ang mga botante ay patuloy na makakaboto nang personal o makukuha ang kanilang balota sa anumang lokasyon sa Sentro ng Pagboto. Dagdag dito, ang isang botante, o isang tao na itinalaga ng isang botante, ay maaaring kumumpleto ng isang Ballot Pick-up Authorization form upang may isang tao na makakakuha ng balota para sa botante sa aming opisina sa 7000 65th Street, Ste A, o sa anumang bukas na lokasyon ng Sentro ng Pagboto. Ito ay nagpapahintulot na ang balota ay bumalik sa botante upang kumpletuhin. Payo namin na ang mga balota ay ilaglag sa anumang lokasyon ng Ballot Drop Box o Sentro ng Pagboto.
- ***Pag-access.*** Ang Curbside Voting at hindi bababa sa tatlong mga Kagamitan sa Pag-access sa Pagmarka sa Balota (Dominion's ImageCast X devices, na tinatawag na "ICX") ay patuloy na maibibigay sa bawat lokasyon ng Sentro ng Pagoto.
- ***Tulong sa Botante.***
  - Ang Guide Tethers ay magagamit sa pagtulong sa pangunahing mga botante na bulag o may mahinang bisyon sa isang bantayan sa pagboto, isang makinarya ng ICX, isang mesa, o kung saan tatayo habang nag-aantay.
  - Ang mga botante na may kapansanan ay tuturuan na ipaalam sa isang Opisyal ng Eleksyon ang pagpasok upang siguraduhin na ang tulong ay maibibigay.
  - Hanggang sa dalawang tao ang maaaring pumasok sa loob kasama ng botante upang tumulong. Mayroong mga mask para sa lahat, kasama ng mga bata.
  - Kung ang isang botante ay hindi makagamit o hindi gumagamit ng mask, kung saan ang Opisyal ng Eleksyon ay kinakailangan na malapit sa 6 na talampakan, ang Opisyal ng Eleksyon ay kinakailangan na magsuot ng pantakip sa mukha, na may Face Shield o gumamit ng nadadalang paghadlang para sa karagdagang proteksyon.
- ***Matigas/Pisikal na Materyales.***
  - Ang mga de papel na mga kopya ng mga Gabay ng Impormasyon ng Botante sa Estado at panukat sa impormasyon ay magagamit sa Talaan ng Materyales ng Wika. Ngunit, kami ay magbibigay ng sinyales na may mga kodigo ng QR para sa mga botante na ma-access ang kanilang Gabay sa Impormasyon ng Botante sa County o Gabay sa Impormasyon ng Botante sa Estado sa kanilang smartphones. Kami din ay mag-uudyok sa mga botante na

gamitin ang kanilang mga halimbawa ng balota, na kasama sa kanilang gabay ng Impormasyon ng County, na markahan bago bumisita sa mga Sentro ng Pagboto at tumulong na limitahin ang kanilang oras sa lugar ng pagboto. (Tingnan ang **Nakalakip A** para sa halimbawa)

- Walang magagamit na mga Secrecy Sleeves. Sa halip, sinumang botante na nangangailangan ng dagdag na pagiging pribado ay hihilingin na itiklop ang kanilang balota nang kalahati pagkatapos na isagawa ang kanilang pagpili.
- Walang mga slip sa Survey sa Karanasan sa Sentro ng Pagboto sa eleksyon na ito. Sa halip, ang mga call-in kards ay maibibigay pa rin para sa mga katanungan ng mga botante, mga pag-alala, feedback, o upang maitsek ang katayuan ng kanilang balota.
- Habang ang VRE ay magbibigay ng de papel na naisalin na kompositong mga balota, itinutukoy bilang aming Gabay sa Pagsasalin sa Balota, ang mga kopya ay makukuha kung hihilingin na maaaring maiprinta mula sa Opisyal ng Pagcheck-in.

**B. PPE na Inisyu sa bawat Sentro ng Pagboto para sa mga Opisyal ng Eleksyon, mga botante, at mga nagmamasid.**

- Ang mga paisa-isang binalot na mga masks, kasama ang mga sukat para sa bata
  - Ang mga botante ay lubos na hinihikayat na magsuot ng masks ngunit ang mga botante ay hindi tatalikuran kung hindi magsusuot ng mask.
  - Maghahandog ng mask sa lahat ng botante kung wala nito.
  - Ang skripto ay maibibigay sa Opisyal ng Eleksyon kung paano pamamahalaan ang mga sitwasyon na ito ( Tingnan ang (II)(D) Mahirap na mga Sitwasyon)
- Naitatapong mga deli-style na gloves, magagamit sa bawat estasyon ng Opisyal ng Eleksyon
  - Palitan pagkatapos ng bawat botante o interaksyon
  - Kung walang gloves na magagamit, linisan ang mga kamay pagkatapos ng bawat botante
- Isang-gamitan na mga panulat
- Ang Hand Sanitizer, na matatagpuan sa buong Sentro ng Pagboto at lahat ng mga estasyon ng Opisyal ng Eleksyon, na maglinis sa bawat pagpasok
- Ang mga Face Shields, na magagamit kung hiniling, ay maihahandog bilang isang alternatibo sa mga botante na tumanggi na magsuot ng mask
- Mga Plastic na Panangga
- Mga MG na Kemikal 70% Isopropyl na Alkohol na magagamit na pangdis-inpekta:

- ICX na makinarya, pagkatapos ng bawat gamit
- ICX Activation na Kards
- Mga Booths sa Pagboto, pagkatapos ng bawat gamit
- Mga laptops ng Opisyal ng Eleksyon, printers, DYMO Labelers, mga USB na yunit, kasama ang Mobile Ballot Printer
- Mga Bags ng Balota, pagkatapos hawakan
- Mga Plastik na Panangga: kung hinawakan lamang, nabahingan, naubuhan, o pagkatapos gamitin ng botante na walang mask
- Guide Tethers
- Mga Mesa & Upuan, pagkatapos ng bawat gamit
- Stanchions

Ibibigay ang mga Material Safety Data Sheets (MSDS) sa lahat ng mga Sentro ng Pagboto na nagbibigay ng impormasyon kung paano ituring ang mga tauhan, kung sila ay may hindi ligtas na pakikisalamuha sa isang kemikal na nakakairita.

**C. Layout & Pag-ayos:**

- Isang sinyales na tumutukoy sa maksimong numero ng tao sa pinapayagan sa lugar ng pagboto nang sabay-sabay ay ipapaskil sa bawat Sentro ng Pagboto. Kasama dito ang mga botante, mga nagmamasid, kaibigan/pamilya na tumutulong sa pagboto, at mga Opisyal ng Eleksyon. Ang pormula na ginagamit sa pagpasiya kung ang numero na ito ay isang tao kada 100 na kwadradong talampakan. Ang mga Opisyal ng Eleksyon, kilala bilang mga Opisyal na Tumutulong, ay tatayo sa labas ng bawat Sentro ng Pagboto na may responsibilidad na:
  - Pagsubaybay sa maksimong antas ng nananalagi (ibibigay ang mga walkie-talkies sa mga malalaking mga lokasyon)
  - Pagtanggap ng Boto sa pamamagitan ng mga balota sa Koreo na ipinadala ng mga botante. Ang mga botante na nagpapadala ng kanilang mga balotang naiboto ay hindi papayagan sa lugar ng pagboto, maliban na lamang kung sila ay humiling ng karagdagang tulong. Ang mga glue sticks ay magagamit sa lahat ng mga Sentro ng Pagboto upang iselyo ang mga swelyo.
  - Ang paghandog ng mga indibidwal na nakatakip na masks sa bawat botanteng wala nito, kasama ang paghandog ng masks sa mga bata o ibang tao na tumutulong sa mga botante.
  - Mga nagmamasid. Ang mga Poll Watchers, Sumusubaybay, mga Kinatawan ng Kampanya ay hindi papayagan sa loob ng lugar ng pagboto kung walang mask. Walang eksempsyon.

  - Ang mga Sentro ng Pagboto nang walang protektibong nakabitin sa labas ay maiisyuhan ng mga kolandog na waterproof.
- Para sa mga Sentro ng Pagboto na may higit sa isa na pintuan, ang isang klarong marka na “Pasukan” o “Entrance” at sinyales ng “Eksit” o “Exit” ay mapapaskil. Para sa mga Sentro ng Pagboto na may isang pasukan/eksit, ang isang Opisyal na Tumutulong ay magsusubaybay ng paninikip sa daanan.
- Ang bawat Sentro ng Pagboto ay magkakaroon ng krokis o diagram ng pag-ayos na kasama ang maksimong kapasidad na numero at paglagay ng mga tao kung saan tatayo upang masanay ang pagdistansiya sa lipunan. (Tingnan ang **Nakalakip B** para sa halimbawa)
- Ang asul na painters’ tape ay tutukoy sa lokasyon kung saan ang mga botante ay kinakailangan na tumayo habang nag-aantay na magcheck-in, nag-aantay sa kanilang balota o ICX activation kard, nag-aantay sa mga voting booths, o nag-aantay sa ICX na yunit. Ang mga marka na ito ay aayusin bago ang pagboboto ng parehong mga Opisyal ng Eleksyon (sa labas) at ang aming Chaser team na nagsasagawa ng pagdeliver ng mga kagamitan (sa loob).
- Ang mga stanchions ay ibibigay sa malalaking mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto upang matulungan ang pagpila sa loob o labas ng Sentro ng Pagboto.
- Ang mga plastik na panghadlang ay isasaayos sa estasyon ng Check-in, estasyon ng Opisyal ng Balota, at estasyon ng Opisyal ng CVR. Ang mga karagdagang paghadlang ay maiisyu sa bawat lugar ng lokasyon o paggamit kung kinakailangan.
- Karagdagang mga upuan ay hihilingin para sa paggamit mula sa pasilidad o inisyu ng VRE kung ang pasilidad ay hindi makapagbigay ng karagdagang 20 na upuan. Ang mga ito ay irereserba sa mga botanteng nag-aantay sa linya.
- Ang isang itinalagang “ Estasyon ng Sanitasyon” (nakasaad sa **Nakalakip A** bilang “S”) ay aayusin at lalagyan ng hand sanitizer at tisyu.
- Ang bawat estasyon ay mabibigyan ng indibidwal na bag ng basurahan para sa basura, nagamit na masks, nagamit na gloves, nagamit na panulat, atbp.
- Ang isahang gamit lamang na panulat ay maiisyu sa mga botante sa Opisyal ng Balota o Opisyal ng CVR. Ang mga panulat ay magagamit sa estasyon ng Opisyal ng Check-in, kasama ang isang scratch pad, upang makatulong sa paghadlang sa komunikasyon.
- Ang mga pamamaraan sa Pagdisinpekta ay ibibigay sa bawat Sentro ng Pagboto sa isang Binder ng Gabay ng Sentro ng Pagboto (Tingnan ang **Nakalakip C** para sa isang halimbawa).

Ang mga Opisyal ng Eleksyon ay kinakailangan na disinpektahan ang kanilang sariling estasyon bawat umaga, at gabi kung hindi babalik sa estasyon sa susunod na araw. Ang mga Opisyal na Tumutulong ay responsable sa pagdisinpekta at pagsubaybay sa mga booths at ICX na makinarya.

- Ang mga serbisyong deep cleaning, kasama ang paglinis sa mga matitigas na ibabaw na kagamitan, sahig, bahagi na madalas hinahawakan, at pagtakbo ng HEPA filters, ay ihahandog ng sa bawat Sentro ng Pagboto.

**D. Sinyales** – **Nakalakip D Mga Halimbawa**

- "Aming Hinihiling na Ikaw ay Magsuot ng Mask", trilingual, sa loob at labas ng bawat Sentro ng Pagboto
- Sinyales ng Pasukan/Eksit, trilingual
- Sinyales ng Nagmamasid/Poll Watcher, Ingles lamang
- Sinyales ng Maksimong kapasidad ng County ng Sacramento, nagamit na ng mga Negosyo sa County ng Sacramento County, trilingual
- "Pumila Dito" na sinyales
- Mga numero, na ilalagay sa mga voting booths
- Sinyales ng Estasyon ng Sanitasyon

**E. Pagbago ng Lokasyon/Pamamalakad ng Pagsara.** May pagkakataon na pagkataos ng publikasyon ng mga lokasyon sa ating gabay sa Impormasyon ng Botante sa County, ang isang Sentro ng Pagboto ay maaaring hindi bukas, dahil sa pasilidad o kakulangan ng Opisyal ng Eleksyon. Kung nangyari ito, gagawin ng County ng Sacramento ang mga sumusunod:

- Mag-isyu ng isang sandwich board na may sinyales sa saradong lokasyon ng may listahan at mapa ng pinakamalapit na mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto
- Magtalaga ng kuponan ng dalawang tao na nakatayo sa labas ng saradong lokasyon na may itinalagang kulay rosas na Pagboto sa pamamagitan ng isang bag ng Pagboto upang mangolekta sa mga balota mula sa mga tao na nagbibigay ng kanilang mga balota.
- I-update ang ating website, voter look-up tool, SacVote app, at mag-isyu sa midya
- Siguraduhin na ang lahat ng mga kinatawan ng bangko sa VRE ay alam ang pagbabago

**F. Sentro ng Pagboto/Ballot Returns.** Ang mga tauhan ng Sentro ng Pagboto at itinalagang mga Tagalipat ng Balota ay magsusuot ng gloves kapag naghahatid ng mga materyales, ang mga tauhan ng VRE ay magsusuot ng bagong pares ng gloves upang makatanggap ng anumang materyales o balota mula sa bawat lokasyon o Tagapaghatid ng Balota. Ang mga Tagapaghatid ng Balota gamit ang isang sasakyan ng County o

inupahan ay kailangan magdisinpekta sa sasakyan bago matapos ang kanilang shift.

## II. MGA OPISYAL NG ELEKSYON (MANGGAGAWA SA POLL)

**A. Pangangalap.** Noong Hulyo ng 2020, ang magagamit na mga kard ay ipinadala sa halos 10,000 na Opisyal ng Eleksyon na naka-file sa County ng Sacramento. Maaaring kumpletuhin at ibalik ng mga Opisyal ng Eleksyon ang kard, nabayaran na postahe, o pumunta ng online upang kumpirmahin at maaaring magamit para sa Nobyemre 3, 2020 na Eleksyon. Dagdag dito, ang isang espasyo ng kumento ay inilagay para sa mga Opisyal ng Eleksyon na ipahayag ang kanilang pag-alala tungkol sa eleksyon na ito, na may karamihan sa mga kumento tungkol sa pagbigay ng PPE. Sa abot ng aming makakaya, kami ay makikibaka na maglagay ng sinanay na "standby" na mga Opisyal ng Eleksyon na maaaring mai-deploy upang makatulong sa mga okupadong mga lokasyon o step-in bilang kapalit.

**B. Pagsasanay.** Karamihan sa mga nilalaman ng pagsasanay ay magagamit sa pamamagitan ng aming MadalingBumoto na Portal ng Opisyal ng Eleksyon na naglalaman ng PowerPoint slides kasama ang mga audio at bidyu. Isang maliit na halaga ng oras para sa personal na pagsasanay ng mga Opisyal na Eleksyon ay kinakailangan na maisagawa sa pangunahing opisina ng VRE ng 7000 65th Street. Ang pagsasanay na ito ay "hands-on" na pagsasanay na may check-in laptops, Mobile Ballot Printers, at ICX na Makinarya. Ang bawat estudyante ay makakatanggap ng kanilang sariling pares ng kagamitan na may mababang bilang ng mga opisyal na natanggap sa bawat klase. Ang **Nakalakip E** ay nagbibigay ng layout para sa aming "hands-on" na sesyon ng pagsasanay. Lahat ng mga Opisyal ng Eleksyon ay kinakailangan na magsuot ng masks sa buong pagsasanay at mga Sentro ng Pagboto.

Dagdag dito, mabibigyan ang mga Opisyal ng Eleksyon ng iniutos na pagsasanay sa COVID-19 na binuo ng Departamento ng Serbisyong Tauhan ng County ng Sacramento (**Nakalakip F**). Ang mga inspektor ay kinakailangan na mag-aral sa mga pamamalakad ng pagdisinpekta at tumukoy-ng-tiyak na mga habilin sa kaligtasan na kasama ang kanilang itinalagang Opisyal ng Eleksyon. Lalagdaan ng Opisyal ng Eleksyon ang kanilang pangalan ng payroll form upang kilalanin na natanggap ang kanilang pagsasanay.

**C. Mga Direktor ng Trapik.** Dagdag na mga Opisyal ay itatalaga sa bawat Sentro ng Pagboto. Ang mga Tumutulong na Opisyal na ito ay maitatalaga sa estasyon sa labas ng Sentro ng Pagboto na may kulay rosas na bag ng balota upang tumanggap ng balota mula sa mga botante na nabibigay ng balotang boto. Dagdag dito, ang mga Tumutulong na mga Opisyal ay magsusubaybay kung ilang mga tao ang nasa loob ng

lugar ng botohan nang sabay-sabay, na ginagamit ang walkie talkies kung kinakailangan, at nagbibigay ng masks at face shields sa sinuman na wala. Ang mga Tumutulong na Opisyal ay magsusuot ng kulay rosas na lanyards na may plastik na badge na tumutukoy sa kanila na mga Opisyal ng Eleksyon. Ang mga Opisyal na Tumutulong ay magpapatuloy sa pagsasanay sa pagtsek sa mga lagda sa mga ibinalik na swelyo at magkakaroon ng mga glue sticks para sa mga botante. Magagamit ng lahat ang mga gloves at hand sanitizer at kailangan suotin ang mga gloves ng Opisyal na Tumutulong kapag hinahawakan ang mga balota o nagpapalit ng anumang mga materyales.

D. **Mahirap na mga Sitwasyon.** Ang Pangkalahatang Eleksyon ng Presidente ay laging mapaghamon at mainit. Sa panahon ng pandemiko, ito ay madodoble at mga kaguluhan sa paggamit ng mask, seguridad ng eleksyon, at mahabang linya ay inaasahan. Dagdag sa mensahe ng botante at pag-ayos ng mga inaasahan ng mahabang linya sa Araw ng Eleksyon, kami ay nakikibaka upang magbigay sa mga Opisyal ng Eleksyon ng tips na manatiling ligtas at maresolbahan ang anumang mga sitwasyon. Ipagsasama ng County ng Sacramento ang Gabay ng Sekretarya ng Estado sa mga pamamalakad na makikita sa Binder sa Gabay sa Sentro ng Pagboto sa kung paano maresolbahan ang mga sitwasyon (**Nakalakip G**).

Dagdag dito, lahat ng mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto ay mabibigyan ng Sherip ng County at mga Departamento ng Kapulisan ng Lungsod kung sakali na ang sitwasyon ay maganap. Maitatalaga lamang ang mga Pulis at Sherip kung may panganib o kaguluhan na hindi mapamahalaan ng mga Opisyal ng Eleksyon.

II. **BALLOT DROP BOXES & KOLEKSYON NG BALOTA.** Humingi ng tulong ang County ng Sacramento sa mga pamilihan at mga retail store chains para sa suplay ng drop boxes sa loob ng County. Sumang-ayon ang Raley's/Bel-Air na manguna sa Opisyal na Ballot Drop Boxes at gagamitin ng VRE ang lahat ng lokasyon sa County ng Sacramento. Ipagpapatuloy ng VRE na makipagsapalaran sa Pampublikong Silid Aklatan ng Sacramento upang pangunahan ang Ballot Drop Boxes at ang ating mga Opisina sa Lungsod. Ang ating layunin ay magkaroon ng 58 na bukas na lokasyon ng Ballot Drop Box simula Oktubre 5. Dalawang 24-oras na panlabas na kahon ay ibibigay ng VRE at ng Citrus Heights City Hall.

Ang mga kumpirmadong mga lokasyon ay ipapahayag sa website ng VRE ng kalagitnaan ng Setyembre, at maisasama sa Gabay ng Impormasyon ng Botante ng County at ang pakete ng Botante sa pamamagitan ng Koreo.

Habang ang mga kontrobersiya ay pumapalibot sa United States Postal Service, ipinapagpatuloy ng VRE na makipag-ugnay sa ating lokal na postal na  kinatawan. Anuman ang sitwasyon habang papalapit ang Nobyembre, naghahanda ang VRE ng pagtaas ng numero ng mga balota na maibibigay sa pamamagitan ng pag-isyu ng karagdagang mga balota sa lahat ng ating mga lokasyon.  Mag-aayos ang mga kupunan upang regular na istek ang mga kahon at  kunin ang mga balota alinsunod sa mga pamantayan ng Pagkuha ng Emerhensiya na Balota.

Aming iniimbitahan ang  sinumang kasanib natin sa komunidad na tumulong sa VRE sa mga kaganapan sa pagkolekta ng balota, lalo na kung may mataas  na pangangailangan  at hindi kakayanin ng VRE  ang laki nito. Ang mga kasanib sa komunidad ay itatalaga na tumanggap ng balota  sa ngalan ng VRE, tulad ng lahat ng mga lokasyon ng Ballot Drop Box  na itinalaga. Ang mga Chain of Custody na forms at pamamalakad ay naroon para sa mga boluntaryo sa komunidad upang tumulong sa anumang pangyayari. Ang pag-apruba sa anumang koleksyon sa balota ay nasa diskresyon ng Pagrehistro ng Pagboto at dapat maisagawa alinsunod sa ating mga batas at mga pamamalakad.

## III. PAGPAPAREHISTRO NG BOTANTE & OPISINA NG ELEKSYON

### A. Pangkalahatang Pag-ayos sa Opisina & Planong Pagdisinpekta.

Mula Abril hanggang Mayo, ang VRE ay nagtrabaho upang bumuo ng ligtas na kapaligiran sa pagtrabaho sa 7000 65th Street. Kasama dito ang:

- Portable na plastik na paghadlang sa harap ng mga counter habang nag-aantay ng permanenteng instalasyon ng plexiglass na panghadlang
- Plastik na panghadlang sa pagitan ng mga cubicles, kasama ang mga pangkaraniwang panghadlang sa phone bank
- Mga marka sa sahig kung saan ang mga kustomers ay dapat tumayo upang siguraduhin ang pagdistansiya sa lipunan.
- Isang itinalagang pasukan at itinalagang labasan.
- Mga stanchions upang gabay sa pagpila ng mga kustomers
- Iniuutos na polisiya sa mask sa mga tauhan. Ang mga hindi kabilang lamang dito ay mga tauhan na nasa kanilang lamesa at mahigit sa 6 na talampakan mula sa iba. Iniuudyok ang mga tauhan na kunin ang kanilang mga breaks bawat oras upang makalanghap ng preskong hangin.
- Ang karatula ng maksimong kapasidad ng bawat silid/lugar (1 tao kada bawat 100 na kwadradong talampakan)
- Ang karatula ng masks para sa mga kustomers at ipagpapatuloy ang pagbibigay ng masks sa lahat ng mga kustomers na wala nito.

1. Para sa mga kustomers na walang masks, kailangan nilang manatili sa likuran ng plastik na panghadlang, malayo sa 6 na talampakan, o magsuot ng mask o face shield.

- CDC COVID na Posters
- Kumuha ng-numero-na-sistema ang ibibigay sa hintayan o lobby
- Mga estasyon ng Hand Sanitizer sa buong opisina
- Planong Pagdisinpekta (**Nakalakip H**)
    1. Ang Material Safety Data Sheet (MSDS) ay kinakailangan sa ilalim ng Pamantayan ng Komunikasyon ng Mapanganib na OSHA ng US at lahat ng bagong mga kemikal na ipinasok sa departamento at masusuri at maidadagdag sa MSDS.

Dagdag dito, inuudyok ang mga tauhan na manatili sa tahanan kung hindi mabuti ang kanilang pakiramdam. Ang pamamalakad ng pagtsek sa temperatura ay kasalukuyang pinag-aaralan. Ang Rehistro ng mga Botante ay aktibong nakikibaka sa Direktor ng County ng Sacramento para sa lahat ng mga aktibidad kaugnay sa eleksyon.

B. **Proseso ng Balota.** Ngayon na ang mga balota ay maaaring masimulang maiproseso 29 na araw bago ang Eleksyon, susuriin ng VRE ang papasok na bilang upang mapagpasiyahan ang nararapat na oras na pagsimula ng proseso ng pagbalik ng mga balota. Ang **Nakalakip I** ay nagpapakita ng layout ng pagproseso upang ipagpatuloy ang kaligtasan. Ang Maksikong Kapasidad ay masusubaybayan at maipapatupad sa lahat ng oras, kasama ang silid ng Pagbilang ng Balota. Ang mga opsyon ng virtual at live-streaming upang subaybayan ang mga aktibidad ng eleksyon ay kasalukuang pinag-aaralan. Ang mga portable plastik na panghadlang ay magagamit, kasama ang PPE sa lahat ng mga kustomer at mga tauhan. Ang mga aktibidad ng pagcanvass ay pinagpapasiyahan pa lamang.

C. **Mga Nagmamasid/Midya.** Sa lahat ng mga Sentro ng Pagboto, ang mga Nagmamasid at Midya ay kinakailangan na magsuot ng mask sa lahat ng oras. Sa VRE, ang mga Nagmamasid na planong manatili sa isang lugar nang mas matagal sa 15 na minuto ay kinakailangan na magsuot ng mask AT face shield. Ipapatupad ang pagdistansiya sa lipunan. Kasalukuyang pinag-aaralan ng VRE ang mga paraan upang siguraduhin ang pagdistansiya sa lipunan habang pinapanatili ang panganganinag, tulad ng virtual tours, live streaming ng Gabi ng Eleksyon sa pagbibilang at pagbabalik, at inaasahang mga pamamalakad sa isang ding-ding o malaking screen. Dagdag dito,

ang mga Nagmamasid at Midya ay dapat magsagawa ng paunang appointment, ang mga walk-ins ay hindi papayagan. May mga naitukoy na mga lugar sa opisina kung saan ang mga Nagmamasid at Midya ay hihilingin na tumayo.

## IV. PAG-AABOT & PAGMEMENSAHE

**A. Pagboto sa pamamagitan ng Koreo: Kasama lahat ng Boto sa pakete ng Koreo ang:**

- Opisyal na balota ng botante
- Kulay rosas na Ibabalik na Swelyo o Pink Return Envelope
- “Ako ay Bumoto” na sticker insert
- Bumoto nang Ligtas na Insert (BAGO**) Nakalakip J**

Inuudyok ang mga botante na ibalik ang kanilang balota nang maaga, sa pamamagitan ng koreo o sa pamamagitan ng Ballot Drop Box. Patuloy na susubaybayan ng VRE ang sitwasyon sa United States Postal Service. Ang maling impormasyon tungkol sa Pagboto sa Koreo, at ang checks and balances sa lugar sa Pagboto sa Koreo, ay patuloy na magiging pangunahing punto ng pakikipag-usap sa anumang pagsisikap ng pag-aabot ng VRE.

**B.** Ma-aacess na Pagboto sa Koreo o **Accessible Vote by Mail (AVBM).** Magagamit ang opsyon na ito sa lahat ng mga botante simula 29 na araw bago ang Araw ng Eleksyon. Walang magiging aktibong kampanya o pagsisikap na pag-aabot ngunit ang mga tauhan ay mabibigyan nitong opsyon sa mga botante sa pamamagitan ng telepono o email, kahit na kung hindi sila militar/nasa ibang bansa o may kapansanan. Binabalak na gamitin ng VRE ang opsyon na ito habang papalapit ang eleksyon, pagkatapos ng Oktubre 27 kung ito ay huli na sa pagpapadala ng mga balota sa koreo sa mga botante. Ang sitwasyon sa USPS ay maaaring magbago sa pagmensahe sa opsyon na ito.

Ang kaliguyan o verbiage ay idinagdag sa sistema ng AVBM kung saan ang mga botante ay maaring pumili ng COVID-19 bilang opsyon kung bakit sila ay gumagamit ng sistema. Pakitingnan ang demo site para sa eksaktong kaliguyan.

**C. Mga Pamamalakad sa Sentro ng Pagboto.** Ang mga abiso ay ipapadala sa koreo sa bawat botante at ilalagay sa website ng VRE na nagbibigay kaalaman sa mga botante ng mga inaasahan sa personal na pagboto. Ang mga botante ay inuudyok na :

- Magsuot ng malinis na pantakip sa mukha
- Magdala ng komportableng sapatos para sa linya ng pag-antay

- Magdala ng kanilang Gabay ng Impormasyon sa Pagboto ng County upang makatulong sa komunikasyon sa panahon ng pagcheck-in at kumpletuhin ang kanilang Sample Ballot upang limitahin ang kanilang oras sa lugar ng pagboto
- Ipagbigay alam sa tauhan ng Sentro ng Pagboto kung ikaw ay may kapansanan at nangangailangan ng karagdagang tulong.

Nakikibaka ang VRE sa Sacramento Kings at ibang kasanib sa komunidad upang ipagbigay-diin ang kahalagahan ng pagboto nang maaga at iwasan ang mga linya sa Araw ng Eleksyon. Sa paglagay ng pangangailangan ng pagdistansiya sa lipunan at ang limitadong bilang ng mga botante sa pinapayagan sa loob ng lugar ng pagboto, inaasahan ang mga linya.

D. **Pagsisikap sa Pag-aabot.** Habang maraming mga kaganapan ang makakansela dahil sa COVID-19, tulad ng ating Mock Eleksyon sa High School, ang kuponan ng Pag-aabot ng VRE ay patuloy na naghahanap ng malikhain na paraan sa paglaganap ng mensahe ng eleksyon sa buong komunidad. Kasama ng pagsisiskap ang:
   - Pagbigay ng mga materyales sa mga pamilihan, kasama ng ethnic grocery stores sa ating mga lugar ng kasaysayan
   - Pagbigay ng mga materyales sa distribusyon ng pagkain at mga sityo ng pagsusuri ng COVID
   - Pagbigay ng mga materyales sa mga paaralan
   - Pagbigay ng mga materyales sa mga organisasyon na nagbibigay pa rin ng mga serbisyo sa mga kustomers
   - Paghanap ng mga virtual na kaganapan sa komunidad kung saan tayo ay maaaring makipag-usap tungkol sa parating na eleksyon, kahit na dalawang minute lamang
   - Pagbigay sa mga pamilihan ng lokal na printa at e-newsletters
   - Ang mga webinars at distribusyon ng mga materyales sa mga bilanggo, ospital, tahanan ng pag-aaruga, at mga pasilidad ng paninirahan sa tinutulungan
   - Ang isang Joint County Outreach Coordination sa ating ipinamahaging merkado ng midya kasama ang El Dorado, Nevada, Placer, San Joaquin, Stanislaus, Sutter, Yolo, at Yuba. Ang 30 na segundo na mensahe sa mga radyo, digital advertising, at kaganapan sa midya ay plinaplano para sa Setyembre at Oktubre. Ang isang “kick-off” na kaganapan ay nakaplano sa Setyembre 17 sa West Sacramento Post Office. Susunod ang mga detalye.
   - Patuloy na gagamitin ng Sacramento ang mga kasanib na midya na nakalista sa Appendix C ng orihinal na Plano ng

administrasyon ng Eleksyon. Dagdag ang pagsasanib ng Slavic Chamber of Commerce upang tumulong sa pagbigay ng mga nakaprintang mga materyales, pagbigay ng impormasyon sa sosyal midya, at pagbuo ng mga kasanib sa komunidad at mga namumuno ng paniniwala.
- Ang Sacramento Kings ay mamamahala sa mga anunsyo sa Regional Transit at pagbigay ng libreng mga sakay sa Araw ng Eleksyon.

**E. Toolkit & mga Pinagkukunan:**

- Pagpapareshistro ng Boto & Toolkit sa Nobyemre na Eleksyon
- Pagboto sa pamamagitan ng Koreo sa County ng Sacramento

**Nakalakip A – Halimbaawa ng CVIG na Karatula**

# SACRAMENTO COUNTY

## VOTER REGISTRATION AND ELECTIONS

2020 Presidential Primary Election
County Voter Information Guide

If you want to view your County Voter Information Guide, you may see an electronic copy by visiting:
https://pollingplacelookupen.saccounty.net

Si desea consultar la Guía de Información para el Votante del Condado, puede obtener una copia electrónica visitando:
https://pollingplacelookupen.saccounty.net

**如要**查看《縣選民資訊指南》，可造訪以下網站上的電子副本：
https://pollingplacelookupen.saccounty.net



## Nakalakip B – Halimbawa ng Layout ng Sentro ng Pagboto



## Nakalakip C – Mga Pamamalakad ng Pagdisinpekta sa Sentro ng Pagboto

### COVID-19 Vote Center Disinfectant Assignments
### County of Sacramento

**Inspectors:** It is your responsibility to ensure disinfectant procedures are being carried out daily and throughout the voting period as needed. Please initial at the start of each day once assignments are complete.

Full disinfecting should begin at the beginning of each day, instead of the end, because the virus starts to degrade on hard surfaces almost immediately. For your protection, we ask you count the ballots (with gloves) and leave everything where it is to clean the following day. *Exception*: if the Election Officer will not be returning the next day, then the cleaning must be don't that evening prior to close.

PLEASE KEEP THIS IN THE VOTER CENTER GUIDE BINDER.

**Important:**

- Use of MG Chemical 70% Isopropyl Alcohol will be used for disinfecting all technology, materials, and surfaces. PLEASE spray the solution into the ULINE cloths to wipe, not directly on the equipment/surfaces. Gloves and a mask MUST be worn during disinfectant procedures.
- Gloves and masks must be word by Election Officers at all times. Breaks/lunches are encouraged to be outside so Election Officers can remove their masks and breathe fresh air. Encourage numerous breaks outside.
- All opening and closing assignments must be performed with masks and gloves. Once set-up/take down is complete, the gloves shall be disposed of immediately.
- All Election Officers are required to disinfect their assigned stations each morning, or disinfect their station each night before they leave if they will not be returning to that station.
- Assisting Officers are required to monitor voter behavior and disinfect ANY items the voter touches after use. AO's assignments MUST be done after every voter. In addition, any materials left over at booths, tables at the end of the day must be disposed of. Refer to your manual for abandoned ballot procedures, these are the same.
- If possible, doors mu regularly disinfected.
- The Ballot Bags mus return.

| Position | Assignment | Initial Start of Day |
|---|---|---|
| Check-in Officers | Check-in Laptops | ____ ____ ____ ____ |
| | DYMO Labelers | ____ ____ ____ ____ |
| | Mouse | ____ ____ ____ ____ |
| | USB Keys & Orange Bag | ____ ____ ____ ____ |
| | Desktop Printer | ____ ____ ____ ____ |
| | Applicable cords | ____ ____ ____ ____ |
| | File Organizer | ____ ____ ____ ____ |
| | Cradlepoint & cables (only if touched) | ____ ____ ____ ____ |
| | Tables & Chairs | ____ ____ ____ ____ |
| | Plastic Barriers | ____ ____ ____ ____ |
| Ballot Officers | ICX Activation Laptop & Card Reader | ____ ____ ____ ____ |
| | ICX Activation Cards | ____ ____ ____ ____ |

**Nakalakip D – Mga Halimbawa ng Karatula ng Sentro ng Pagboto (HINDI PANGWAKAS)**







**Attention Observers, Campaign Representatives, and Poll Watchers:**

Due to social distancing requirements, only a limited number of people will be allowed in the voting area at one time. Please respect and prioritize the needs of the voters before entering the voting area. You must identify yourself to the Vote Center staff upon entry to the voting area.

Masks are required inside the voting area at all times. You must maintain a distance of least 6 ft away from all voters and Vote Center staff.

Violators will be asked to leave the voting area immediately and will not be permitted back into the building.

Thank you for your respect and cooperation.

## Nakalakip E – Layout ng Pagsasanay ng Opisyal ng Eleksyon



# Nakalakip F – Halimbawa ng Pagsasanay ng COVID



Voter Registration and Elections
Courtney Bailey-Kanelos
Registrar of Voters

County of Sacramento

Divisions
Campaign Services
Outreach
Precincts
Registration
Vote by Mail
Voting Systems & Technology

## COVID-19 Work Training

### Prevention

The recommendations below will assist in preventing the virus from spreac

#### Hand Hygiene

**Washing Methods**

- With soap and water for at least 20 seconds (hum the Happy Birthda
- Use hand sanitizer if soap and water are not available (with at least (
  70% isopropanol)
- Handwashing stations and/or hand sanitizing supplies are provided
  workplace. Please remember to use them frequently. To see specifi
  these stations and supplies, refer to your Worksite-Specific COVID-1
  Plan.

**Washing Frequency**

- Before and after work shifts
- Before and after work breaks
- After blowing your nose, coughing, or sneezing
- After using the restroom
- Before eating or preparing food
- After putting on, touching, or removing cloth face coverings

**Centers for Disease Control and Prevention Website**

- Visit the CDC website for more information regarding hand hygiene
- https://www.cdc.gov/handwashing/when-how-handwashing.html

#### Etiquette

**Coughing and Sneezing**

- Cover your
  cough or s
- Throw use

**Sharing Items**

- Avoid sharing phones, mobile communication devices, desks, offices, or other work tools, supplies, and equipment, when possible
- If necessary, clean and disinfect shared items before and after use
- Never share Personal Protective Equipment (PPE) or face coverings
- Avoid sharing personal items with coworkers (e.g. dishes, cups, utensils, towels, etc.)

**Social Distancing**

- Avoid large gatherings
- Maintaining distance (six feet or more) from others when possible both at work and off work time
- Avoid close contact with people who are sick. Remember that some people without symptoms may be able to spread virus

**Greetings**

- Use non-contact forms of greetings.
  - Do not shake hands or other contact greetings.
  - Some non-contact greetings include nodding your head, pressing your hands together and nodding, lifting your hand in front of your eyes with your palm in, waving, verbal greetings, etc.

Regardless of what method of greeting you and your workplace choose to use, practice frequent handwashing and hand sanitizing

#### Face Coverings

ect the wearer and are not Personal Protective

itect people near the wearer, but do not replace the need
frequent handwashing
es wear face coverings/masks (unless they have an
nose, mouth, and chin:
o enter, and indoor public space
member of the public
e visited by members of the public, regardless of
m the public is present at the time
ch as hallways, stairways, elevators, and parking

ised area where other people are present when unable to

ublic spaces when maintaining a physical distance of 6 ft.
feasible
l that face coverings/masks be worn when driving and
ers are present

### Precautions

It is important to avoid coming to work if you are experiencing any of the following:

- Fever or chills
- Cough
- Shortness of breath or difficulty breathing
- Fatigue
- Muscle or body aches
- Headache
- New loss of taste or smell
- Sore throat
- Congestion or runny nose
- Nausea or vomiting
- Diarrhea
- If you or someone you live with has been diagnosed with COVID-19

**Stay home when you are sick**

- Follow your absence reporting procedures
- Contact and follow the advice of your medical provider
- Employees with acute respiratory illness will be sent home

**Inform your supervisor if someone at home is sick with COVID-19**

**Symptom Checker Through Self-Screening**

Follow the CDC guidelines for self-screening and taking your temperature. Some common symptoms include:

- Fever or chills
- Cough
- Shortness of breath or difficulty breathing
- Fatigue
- Muscle or body aches
- Headache
- New loss of taste or smell
- Sore throat
- Congestion or runny nose
- Nausea or vomiting
- Diarrhea

*This list is not all possible symptoms

If you do have symptoms, contact and follow the advice of your medical provider. For severe symptoms including persistent pain or pressure in the chest, confusion, or bluish lips or face, seek emergency medical attention.

**Nakalakip G – Tips ng Deeskalasyon**

## Election Officer De-escalation Tips
## County of Sacramento

Allow all voters with or without a face covering into the voting area, regardless of reason (refusal, medical reasons, etc). Let them know additional time is needed for safety protocols. **No voter shall be turned away if they are not wearing a mask.**

**Phrases:**

- "Your right to vote is going to be respected. Please give us time to organize the area to allow additional physical distance between you, our fellow election workers and other voters"
- "We are doing the best that we can, we ask for your patience"

**Key Elements:**

- Speak with a calm voice at a normal volume.
- Communicate with posture and expression that you are confident the voter will understand that their right to vote will be respected.
- Resist the urge to engage on the underlying objection or theories
- Repeatedly use words like "You're going to get to vote" or "We will get you to the voting booth as quickly as possible"
- Remember that serving the voter quickly, with less conflict, will best ensure your safety and that of other workers and voters.
- Have more than 1 worker present in any situation of conflict – one deescalating while the other evaluates the intensity of the situation
- Have a plan for calling in additional help from security or law enforcement
    - Code phrase to alert staff: "Is Jamie here?" when no one named Jamie is working
    - Save important numbers in personal phones

**When to escalate:** We will not tolerate any inappropriate behavior or harassment of election staff or voters. Voters that do not cooperate shall be asked to leave the voting area.

- Ask the voter to step outside and offer a ballot "to-go" where the voter can complete their ballot outside and deposit in the pink ballot bag.
- Call 911 for immediate emergency or contact local law enforcement
- Give the voter the direct line to our Registrar of Voters, Courtney Bailey-Kanelos: (916) 875-6060 for any complaints.

## Nakalakip H – Planong Pagdisinpekta ng VRE

| Cubicle/Office | Recommended Cleaning Schedule | Assigned to |
|---|---|---|
| Phone | Twice Daily | All Staff |
| Keyboard/Mouse | Twice Daily | All Staff |
| Desk Surface | Twice Daily | All Staff |
| Office Door Handles (if applicable) | Once Daily | All Staff |

| Doors/Handles | Recommended Cleaning Schedule | Assigned to |
|---|---|---|
| Lobby Push Handles | Twice Daily | CS/VBM |
| Lobby to Shared Restrooms | Twice Daily | CS/VBM |
| Lobby to Office Area | Twice Daily | CS/VBM |
| South Warehouse Entry | Twice Daily | Warehouse |
| Training Room | Once Daily or more as needed | Last user |
| BOD Room (2 doors) | Once to Twice Daily depending on use | VBM |
| Quiet Room | Once Daily | CS |
| Petition Room | Once Daily | Registration |
| Ballot Counting Room | Once Daily, if entry | VST |
| Breakroom to Warehouse (if not propped) | Once Daily | Warehouse |
| Gated area to Small warehouse | As needed | Warehouse |
| Gated area to Large Warehouse | As needed | Warehouse |
| Man Door by North Roll Up | As needed | Warehouse |
| Admin Area to Small Warehouse | Once Daily or more as needed | Warehouse |
| Exit Door - Registration to South Parking Lot | Once to Twice Daily depending on use | Registration |
| Warehouse Exit Doors (Northwest and Southwest Corners) | As needed | Warehouse |
| Disclosure Room Handles | Once Daily or more as needed | CS |

| Breakroom | Recommended Cleaning Schedule | Assigned to |
|---|---|---|
| Door - Breakroom to Patio | Twice Daily | Admin |
| Door - Ice room | Twice Daily | Admin |
| Breakroom Tables | Once Daily or more as needed | Admin |
| Kitchen Counter | Once Daily or more as needed | Admin |
| Refrigerator Handles | Twice Daily | Admin |
| Water Dispenser Controls | Twice Daily | Admin |
| Microwave Doors/Control Panel | Once Daily or more as needed | Admin |

| Restrooms | Recommended Cleaning Schedule | Assigned to |
|---|---|---|
| Door Handles | Twice Daily | Facility Manager |
| Faucet Handles | Twice Daily | Facility Manager |
| Counter Tops | Twice Daily | Facility Manager |
| Flush Handles | Twice Daily | Facility Manager |
| Water Fountain Push Bars | Twice Daily | Facility Manager |
| Soap Dispenser | Twice Daily | Facility Manager |

| General Office | Recommended Cleaning Schedule | Assigned to |
|---|---|---|
| Counter in Lobby | Once daily, as needed once open to public | CS/VBM |
| VBM Tables | Once before use then daily as needed | VBM/Registration |
| Computer Terminals @ Phone Bank | Once before use then daily as needed | Registration |
| Registration Coffee Bar (counter, soap dispenser and water faucet ha | Once before use then daily as needed | Registration |
| Mail Table - Campaigns | Once daily or more as needed | CS |
| Shared units (copy, fax, printers, scanners, projectors) | After use | By user, after use |
| Light Switches | Once daily, or more as needed | Last one to leave, by section |
| Vehicles | After use | Last user |
| Computer Terminals @ Lobby | Once daily, as needed once open to public | CS/VBM, after use |

## Nakalakip I – Layout ng Pagproseso ng Balota

